

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-2 ng Marso 2020

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## Mga kundisyon ng sektor ng pagmamanupaktura, mas mabilis na gumanda sa buwan ng Pebrero

### Key findings

Tumaas sa 52.3 ang headline na PMI sa loob ng 13 buwan

Tumaas ang mga bagong order sa mas mataas na rate noong Pebrero...

...pero naging malinaw ang mga problemang nakakaapekto sa supply

Ayon sa datos ng pinakahuling survey, umangat ang ekonomiya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa kalagitnaan ng unang quarter. Ang katamtamang buwanang pagtaas ng output ay sinusuportahan ng tuloy-tuloy na paglago ng mga bagong order mula sa mga kliyente sa loob at labas ng bansa. Bilang paghahanda sa patuloy na paglago ng demand, pinalawak ang pagbibigay ng trabaho at aktibidad ng pagbili.

Kaugnay nito, napigilan ng mga naantalang paghahatid mula sa China dahil sa COVID-19 ang pag-stockpile ng mga natapos na produkto at input, at nagdulot din ito ng mas mabagal na pagbaba sa natitirang trabaho.

Bahagyang tumaas ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® noong Pebrero sa 52.3, mula 52.1 noong Enero. Dahil sa higit pang pagtaas sa neutral na 50.0 na marka, nagpapahiwatig ito ng mas mabilis na rate ng pag-unlad sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa sektor ng pagmamanupaktura. Kaugnay nito, bagama't naabot ng headline na index ang pinakamataas na marka nito sa loob lang nang higit sa isang taon, nananatili itong mas mababa kaysa sa dating average nito.

Mas tumaas ang dami ng output noong Pebrero, na nagpanatili sa trend na naging kapansin-kansin simula nang mangolekta ng datos noong Enero 2016. Sa pangkalahatan, bahagya lang at kaunti ang nagbago sa rate ng paglawak mula sa tatlong buwang pinakamataas ng Enero. Bagama't may ilang ulat na nagsasabing ang paglago ay nalimitahan ng COVID-19 at ng kamakailang pagputok ng bulkan, sinusuportahan ng matatatag na kalagayan sa demand ang mas mataas na produksyon.


Pinakamabilis na tumaas ang rate ng mga bagong order mula noong Oktubre sa panahon ng pinakahuling survey. Binigyang-diin ng ebidensya batay sa pahayag ang magandang ipinahihiwatig na trend sa demand para sa mga produktong ginawa ng mga Pilipino. Mabilis ding tumaas ang mga gawain sa trabaho mula sa mga panlabas na pamilihan sa buwan ng Pebrero. Pinakamabilis simula Hulyo 2018 ang pagbilib ng pagkuha ng mga export sa kabila ng mga bagong nakuhang kliyente at ng paglunsad ng mga bagong produkto.

Alinsunod sa dating trend, nakita ang patuloy na paglago ng output sa susunod na 12 buwan, ayon sa mga panellist. Sinusuportahan ng sapat na pipeline work, mga agresibong target na benta, at mga plano sa pagpapalawak ang may kumpiyansang pananaw.

Para makayanan ang mga kasalukuyan at nahulaang karagdagang

*ipinagpatuloy...*

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Joe Hayes, Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Nagpakita ang datos ng survey noong Pebrero ng pagpapatuloy ng katanggap-tanggap na paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Nagtatamasa ang mga kumpanya ng matatatag na kalagayan sa demand, parehong sa loob at labas ng bansa, kung saan iminumungkahi ng ebidensya batay sa pahayag na nananatiling sapat ang pipeline work para suportahan ang positibong trend sa produksyon sa darating na panahon.

“Nagbabanta ang COVID-19 ng panganib sa paglago, pero mukhang maaapektuhan lang nito ang panig ng supply sa ngayon habang lumalago ang mga export sa pinakamabilis na rate sa loob ng isa't kalahating taon.

“Ayon sa mga panellist, ang mga pagpapadala ng input palabas ng mainland China ay nakaapekto sa pag-stockpile at pinabagal nito ang rate ng pagtapos sa mga hindi pa tapos na order ng mga kumpanya.

“Dahil matibay ang pagtaas ng mga stock ng mga binili sa mga nakalipas na buwan, dapat magkaroon ang mga kumpanya ng mga naaangkop na reserba para makayanan ang mga pagkaantala sa pagpapadala, pero kung magpapatuloy ang mga ito, maaaring hindi maganda ang maidulot nito sa volume ng produksyon.”

gawain, nagdagdag ng kawani ang mga Pilipinong nagmamanupaktura noong Pebrero. Sa kabuuan, mas mataas ang rate ng paggawa ng trabaho kaysa sa pangmatagalang average at salungat ito noong Enero, kung saan itinigil ang pagbibigay ng trabaho sa unang pagkakataon sa loob ng pitong buwan.

Gayunpaman, sa kabila ng mga pagdami ng kapasidad sa operasyon na dala ng mas malalaking bilang ng manggagawa, pinakamabagal na bumababa ang mga backlog sa nakalipas na halos apat na taon. Ayon sa mga na-survey na kumpanya, napigilan ng mga naantalang pagpapadala ng raw material palabas ng China ang pagtapos sa mga order sa takdang oras.

Isinasaad ng datos ng survey noong Pebrero ang pagkakaudlot ng chain ng supply na nagpapakita ng pagtagal ng pagpapadala ng input sa pinakamahabang oras simula Disyembre 2017. Naiulat na pinalala ng COVID-19 ang mga problema sa pagpapadala dulot ng mga kakulangan sa stock at ng mga kawalan ng kuryente.

Bilang resulta ng mga balakid sa panig ng supply, parehong tumaas sa mas mabagal na rate noong Pebrero ang aktibidad ng pagbili at mga input stock. Pinakamabagal ang pagtaas ng aktibidad ng pagbili sa loob lang ng mahigit sa isang taon dahil may ilang kumpanyang hindi ipinaalam ang mga gastos.


Ipinakita ng datos ng mga presyo ang mga nagbabagong trend sa inflation sa pinakabagong panahon ng survey. Kabaligtaran ng mabilis na rate ng pagtaas sa mga gastos sa input ang mas mabagal na pagtaas ng mga singil sa mga ibinebenta. Pinaliit ang mga presyo ng output sa ilang kaso dahil may ilang kumpanyang naghahabol ng mga kompetitibong paglago.

**PMI Output Index**

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

**Produksyon ng manufacturing**

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

**Makipag-ugnayan**

David Owen  
Economist  
IHS Markit  
T: +44 2070 646 237  
[david.owen@ihsmarkit.com](mailto:david.owen@ihsmarkit.com)

Bernard Aw  
Principal Economist  
IHS Markit  
T: +65 6922 4226  
[bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Katherine Smith  
Public Relations  
IHS Markit  
T: +1-781-301-9311  
[katherine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katherine.smith@ihsmarkit.com)

**Pamamaraan**

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Pebrero 2020 ay nakolekta noong 12-21 Pebrero 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

**Disclaimer**

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

**Tungkol sa IHS Markit**

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

**Tungkol sa PMI**

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator na paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.